

**Presidential Communications Operations Office  
Presidential News Desk**

**TALK TO THE PEOPLE OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE**  
[04 October 2021]

**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE:** Good evening my countrymen. As agreed amongst us kanina, I will present the speakers and then one by one they will also present their report.

We have Secretary Duque, update on the COVID-19 response; then, we have Secretary Eduardo Año of the DILG, ang pag-usapan ito --- medyo making tayo dito nang kaunti kasi pati ako hindi ko masyado nakuha 'to noon --- granular lockdown, ayuda, Vax Certificate Philippines, minimum public health standard and illegal drugs, iyon ang report ni Secretary Año. Then, Secretary Lorenzana will report on the Crisis Action Plan implementation updates; then, followed by Secretary Galvez Jr., updates on the National Vaccination Program; then, we have Secretary Roque on the net satisfaction rating ng gobyerno; then, we have Secretary Vivencio Dizon, he has no presentation to make but just the same his presence is required at baka talaga mayroong maitanong sa kanya along the discussion; then, we have Secretary Nograles on the Philippine Coconut Authority, ito 'yung --- well, it's one of the important things, ewan ko kung kasali 'yung pera na ibalik doon sa farmers through programs prepared by the government, 'yung na-recover ho nung coconut levy, I don't know if it's included there, at ito 'yung isinasauli na sa mga farmers. Ang problema niyan 'yung ibang farmers hindi na ma-locate, hindi na mahanap and then we have no way of knowing their survivors so that could present a very hard problem for us. Then, we have [Enrique] Domingo, the Secretary --- the Director General on the FDA updates; Secretary Panelo, he has no presentation to make, I suppose that he is not there. We have Secretary Salvador Medialdea and Senator Bong Go.

I'd like to call first Secretary Duque, the updates on the COVID-19 response.

**DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III:** Thank you, Mr. President. Magandang gabi po sa inyo Senator Bong Go; ES Medialdea; at akin pong mga kapwa kasama sa Gabinete; at higit po sa lahat ang atin pong mga kababayan.

Muli ako po ay mag-uulat patungkol po sa ating COVID-19 situation. *[first slide]*

Sisimulan po namin ang amin pong report sa pagbibigay ng mga pangunahing mensahe ngayon pong linggo. Una, nakakakita po tayo nang pagbaba ng mga kaso sa NCR base sa negatibong two-week growth rate at bumababang average daily attack rate per 100,000 population at ang healthcare at ICU utilization rates ng rehiyon. Upang magtuloy-tuloy ang pagbaba ng kasong nakikita, hinihikayat namin ang mga LGU na gawin nang madalian ang pagdadala sa mga quarantine at isolation facilities ng mga kaso at close contacts na ating nahahanap sa mga komunidad, sa mga workplaces, at iba pa pong mga lugar. At kasabay po nito, hinihikayat namin ang mga local vaccination operation centers na palawigin pa ang pagbabakuna upang maabot natin ang 70 percent full vaccination ng atin pong targeted population of about 77 million Filipinos, either by the end of this year or early next year.

Pangalawa...

**PRESIDENT DUTERTE:** Let me just cut you there para ma --- so that it will be more clear to the people. To what do you extend --- to what do you attribute the down trajectory of the cases dito sa COVID-19 and even in the admission sa ospital bumaba dahil sa...?

**SEC. DUQUE:** Marami pong mga dahilan, Mr. President. Nakikita po natin na ang atin pong mga local government units and in particular the NCR ay talagang sinusunod po nila 'yung atin pong mga panuntunan. Ito po 'yung kanila pong mas maagang pagdadala ng mga probable and suspect cases sa mga isolation and quarantine facilities. And dahil po dito, Mr. President, naiiwasan po ang tuloy-tuloy na pagkalat ng mga kaso.

So maaga po 'yung kanilang detection to isolation, mabilis na po ngayon hindi kagaya noong una mahaba-haba ang panahon na kanila pong ginagamit. Pero ngayon po mas mayroon ng --- ang active case-finding nila napaigting po nila, ang kanilang testing, ang kanila pong contact tracing kaya ito pong mga ito --- plus ang patuloy na pagbabakuna. By the way, Mr. President, ang NCR, 75 percent ang kanilang completed jab rate. So mataas po at nakakatulong din po ito sa ating mga bumababang kaso sa NCR in particular. Eh sila naman po ang may pinakamalaking naiaambag doon po sa total caseload.

So ito po ang mga kadahilanan at ang pagsunod po sa minimum public health standards ng atin pong mga kababayan. Iyong paulit-ulit po ninyong ipinapaalala: mask, hugas, iwas, and bakuna. So ito po ay talagang nasusunod ng atin na pong mga kababayan at nakatatulong po ito sa pag --- nakikita po nating pagbaba ng mga kaso.

Sana po tuloy-tuloy na po ito, Mr. President, para nang sa ganoon 'yung atin pong healthcare system ay hindi ma-overwhelm at ang atin pong mga doktor, nurses, at mga iba pang healthcare workers ay akin pong ibig gamitin ang pagkakataong ito sa inyo pong ngalan, Mr. President, na mahusay po ang kanilang pangangalaga sa atin pong mga pasyente lalo na ang mga severe to critical COVID cases.

Kanya naman po ay kahit na papano nakikita po natin na ang atin pong utilization rate, ang healthcare utilization rate sa buong Pilipinas ay nasa moderate risk classification po. Ngunit, of course, mayroon pong mga high risk pa rin pagdating sa ICU utilization rate, ito po 'yung intensive care unit utilization rate.

So marami pong mga kadahilanan. But by and large, Mr. President, maganda po ang ginagawa ng ating national government and complemented, of course, by our hard-working local government units.

**PRESIDENT DUTERTE:** Yeah, but don't you think that the overriding factor of a --- lowering of the cases of COVID-19 could be the simple rule of bakuna, maghugas, mag-iwas, at mag-mask? Those are the simple things that would really prevent the spread of the virus.

**SEC. DUQUE:** Tama po kayo, Mr. President. In fact, pagdating sa mga bakuna, sila po ay nakilala na na nakakatulong po nang malaki sa pag-iwas na magkaroon po ng severe and critical COVID cases. At pangalawa po, ang ating mask, hugas, iwas, 'yung lagi po niyong pinapaalala, eh malaki po ang proteksyon na dulot nito. Greater than 95 percent po ang protection rate ng mask, hugas, iwas and, in fact, even social distancing, Mr. President, 'yung one meter --- no less than one meter social distancing.

**PRESIDENT DUTERTE:** At ulitin ko, and it is really worth repeating again and again that 'yung mga tao na tinamaan ng COVID D variant at walang bakuna, malaking chance na mamatay 'pag tinamaan ka.

But for those na may bakuna na at mahawa ka ng D, hindi naman maiwasan talaga natin, you will only suffer a minimum of --- kakaunti lang, lagnat, walang --- sigurado walang kamatayan. Iyan ang tandaan ninyo mga kababayan ko. Go ahead.

**SEC. DUQUE:** Mr. President, ibig ko lang din ulitin kanina noong nagpulong kami sa Clark upang ilunsad 'yung ating Vax Certificate PH ano po, ang sabi po ni Chairman Abalos, and I congratulate him in your behalf, Mr. President, because the case-to-contact ratio nila nag-improve tremendously. They are now at one case for every 19 close contacts identified. Eh dati po mababa po 'yan.

So ano po ang ibig sabihin niyan? Ay talagang pinaigting nila 'yung kanilang contact tracing kaya mas marami hong nai-isolate, naka-quarantine, and therefore, hindi na nakakapagkalat ng COVID-19. So malaki pong dahilan din ito, Mr. President.

Ipagpapatuloy ko lang po, Mr. President, sa kabila ng atin pong nakikitang trend sa NCR na bumababa, nakikita natin nananatili sa ibang rehiyon sa high risk, habang tumataas ang mga kaso naman sa iba. At dahil dito, inuudyok namin ang mga rehiyong ito na palawigin ang kanilang active case-finding at contact tracing initiatives at bilisan ang pagdadala sa mga quarantine and isolation facilities ng mga kaso upang mahinto ang paghahawa o pagkahawa-hawaan ng mga tao at maiwasan ang pagkukumpol-kumpol ng mga kaso ng COVID sa mga komunidad.

Upang mas mapabuti pa din ang atin naman pong datos, aming hinihingi ang tulong ng mga LGU, ang mga regional offices, at disease reporting units na siguraduhin ang pagsunod sa atin pong prescribed data reporting template nang sa gayon ay mabilis at tama ang maiulat na impormasyon sa lalong madaling panahon at maisagawa ang nararapat na response para sa mga lugar na nangangailangan po ng atensyon.

*[Next slide.]*

Dito po, Mr. President, I am glad to report na bumaba na naman po ang kaso natin, nasa 10,748 as of today. Kahapon po ay nasa 13,273 ang kaso natin. So ngayon po sa naidagdag na 10,748: ang 1,838 ay nagmula po sa NCR; 1,463 sa Region I; 1,448 naman po sa Region II, at 5,999 sa mga natitirang bahagi ng Pilipinas o mga iba't ibang rehiyon.

At para naman po sa ating mga aktibong kaso, ang bilang ngayon ika-4 ng Oktubre ay nasa 106,160 equivalent to 4.1 percent. Eh kahapon po nasa 112,008 ang kaso natin. So malaki na naman po ang naibawas sa atin pong mga aktibong mga kaso.

Sa kabilang dako, Mr. President, ang ating recoveries ay umabot na po sa 2,459,052 case ang recoveries. At ang recovery rate ay nasa 94.43 percent. Tumaas na naman po muli ang ating recovery rate, Mr. President. Habang ang bilang ng mga namatay o pumanaw ay nasa 38,768 at ang atin pong case fatality rate ay nananatili na nasa 1.49 percent.

Sa usapin naman ng bakuna, mayroon na po tayong total of 46,380,040 total doses administered. At ang atin pong first dose ay 24 million thereabouts, representing 31.86 percent

of our eligible population. At ang ating fully vaccinated, Mr. President, ay halos nasa 30 porsyento na po, 21 million doses administered as second jab. At patuloy po ang pagtaas, mayroon po tayong active vaccination sites, malalaki po itong mga ito --- as of October 3. So mamaya po ang detalye ay ibibigay ni Secretary Galvez sa kanya pong pag-uulat.

Ang huli na lang pong akin ire-report, Mr. President, ay ang estado ng atin pong healthcare worker benefits, as of October 4. Para sa ating Batch 3 and Batch 4 ay --- ng special risk allowance, nakapagpababa na po tayo ng humigi't kumulang 662.20 million sa mga health facility, habang 536.74 million na ang naipamahagi sa mga healthcare workers.

Patuloy ang ating pakikipagtulungan sa mga lokal na pamahalaan at pribadong ospital upang makumpleto natin ang pagbaba ng 1.33 billion sa mga healthcare workers sa lalong madaling panahon. Kami rin ay humihingi ng karagdagan pondo para madagdagan ang mga health workers na mabibigyan ng special risk allowance na mapapasailalim sa Batch 5.

At sa kabuuan, tayo ay nakapamahagi na po ng 15.3 billion para po sa benepisyong mga healthcare workers, kasama rito ang sickness and death, dito po, sickness and death benefits, and death compensation na tuloy-tuloy para ipinapamahagi sa mga apektadong healthcare worker habang tayo po ay nasa state of public health emergency.

So ito na lang po ang pinakahuling bahagi ng aking ulat. Maraming salamat po at handa na po akong sumagot sa inyo pong mga katanungan, Mr. President. Salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you, Secretary Duque. May I call on Secretary Lorenzana to give us his report?

**DND SECRETARY DELFIN LORENZANA:** Mga kasama kong lingkod-bayan, magandang gabi po sa inyo at --- sa inyong lahat, pati na 'yung mga mamamayang nanonood ngayong gabi.

Ito po narito po ang mga nagawa ng response clusters sa patuloy na pagpapatupad sa ating Crisis Action Plan Against COVID Variants. Kung maalala po ninyo, Mr. President, ay nagtatag tayo ng crisis management --- Crisis Action Plan para po maapula natin o maantala natin o mapigilan ang pagtaas ng mga cases.

*[Next slide, please.]*

Doon po sa communities cluster --- sub-clusters ay nakapag-isolate, trace, assess at isolate ng 30,931 probable at 16,395 confirmed cases sa loob ng 24 na oras. Sa contact tracers mula sa September 20 to 30, nakapagdagdag tayo ng 9,237 para sa kabuuang bilang na 136,563 katao.

*[Next slide.]*

Tungkol naman --- dito naman sa dedicated beds. Sa kasalukuyan, 150,451 ang kabuuang bilang ng mga ito sa 9,000 pasilidad. Bahagyang bumaba sa 31 percent ang ating occupancy rate.

Ibig pong --- ibig pong sabihin, Mr. President, ay marami pang bakante tayo na maganda po 'yan sa ating hinaharap.

*[Next slide.]*

At mahigpit na nagpapatupad ng minimum public health standards. Nasa 2.7 million ang kabuuang bilang ng mga lumabag; 341,350 ang nahuli noong nakaraang linggo; 17,599 ang mga naharang sa checkpoints; habang 1,633 naman ang unauthorized persons outside residence.

Ayon naman sa ating health cluster --- facilities cluster --- *[Next slide, please.]* --- tumaas ang bilang ng mga licensed hospital beds sa 41,729 to --- ng 4,412 ICU; 21,321 sa isolation units; at 15,996 sa mga ward. Bumaba ang healthcare utilization rate mula 68,000 --- 68 percent noong nakaraang linggo sa 64 percent ngayong linggong September 27 to October 1. *[Next slide.]*

Napag-alamang 68 percent sa ICU at 83 percent sa mga intubated patients ang hindi pa nabakunahan. Ibig pong sabihin, Mr. President, ay epektibo 'yung bakuna. Ninety-five percent ng 10,198 approved emergency positions para sa ating human resources for health ang filled up na, nalagyan na po 'yung pagkukulang.

Bumuo tayo ng Task Force on Medical Oxygen Supply na siyang magtitiyak nang sapat na supply para sa mga pasyenteng nangangailangan. Sa ngayon po ay mukhang wala na tayong naririnig na mga reklamo sa mga ospital sa buong bansa dahil sapat na 'yung supply ng ating oxygen.

*[Next slide.]*

Ayon naman sa borders sub-cluster as of October 3, may karagdagang 13,592 ang bilang ng mga na-quarantine na mga returning overseas Filipino workers. Bahagyang bumaba ang positivity rate o bilang ng mga returning overseas Filipinos na nagpopositibo sa COVID-19 mula 1.9 percent to 1.8 percent.

*[Next slide, please. Next slide.]*

Te --- 11,106 ang bilang ng nadagdag na returning overseas Filipinos and foreigners ang naasistehan. Nakapagdagdag ng mga quarantine at isolation facilities para sa mga balikbayan. Nasa 81,163 ang quarantine rooms sa NCR, Clark, Cebu, Davao, at Subic na may occupancy rate na 79 percent. Mayroon ding 1,188 isolation rooms sa mga nabanggit na paliparan na may occupancy rate ngayong 40 percent.

*[Next slide.]*

Para naman sa COVID-19 vaccination updates ng Armed Forces, as of October 2, 99,057 or 70 percent na ang mga sundalong fully vaccinated laban sa COVID-19. Iyon lang po, Mr. President. Maraming salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you, Secretary Lorenzana. Now we call on Secretary Galvez.

**NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.:** Mr. President; Senator Bong Go; ES Medialdea; my fellow Cabinet members; sa ating mga --- ating mga mamamayan, magandang gabi po. Ngayon po, ako'y magre-report po ng updates po natin sa National Vaccination Program.

*[Next slide, please.]*

As reported earlier, the PH already received 77,417,640 doses vaccines, which are very significant milestone, Mr. President, kasi ito na po'y kalahati na po ng ating target kasi ang target po natin 77 million, Mr. President.

So meaning, nakuha na natin halfway 'yung ating supply. So medyo talagang kahit na nagsimula po tayo nang kakaunti 'yung ating supply noong mga unang first semester, ay natutuwa naman po tayo ngayon dahil kasi biniyayaan po tayo ng Diyos na mabigyan po tayo, at 'yung iyong mga rich countries were touched na talagang mai-release po 'yung mga ibang vaccine po natin.

So nakikita po namin, Mr. President, I am very confident na 'yung 100 million doses target this October is still on track with expected arrivals of 10 million procured Pfizer vaccines with 5 million from Moderna, and another 10 million from Sinovac, and remaining 5.9 million doses being donated by US-COVAX donation.

Noong mga weekend po kasama ko po si ating Chargé d'Affaires, si Madam Heather, talaga naman po talagang napakasipag niya kahit na gabi at saka talagang late na po ng gabi po sumasama po sa atin at tumatanggap po ng --- ng mga vaccine po natin.

And then 'yung arrival po ng US-COVAX donation this month is very, very significant. COVAX donation is now accounted for more or less 20 million doses, and we expect to receive 6.7 million more this October including the 844,800 AstraZeneca vaccines from the German-COVAX donation.

So iyon po ang ano po ng ating binibigay po sa atin ng US-COVAX donation, sir. And then I was informed also by Madam Heather na nagbigay po ang US ng 1.9 billion na ating gagamitin sa COVID response. In fact, nagbigay po noong isang araw na two --- two days ago, dumating po 'yung 42 freezer na gagamitin po natin na -20 at saka 'yung 2 to 8. Kasi nakita po ng US na kulang na kulang po 'yung ating ano, 'yung ating mga freezer doon po sa mga geographically isolated areas. So dumating po kahapon, pinakita po sa amin ang litrato at natutuwa po kami na 42 po 'yun na freezer, malaki po, magagamit po doon --- 42 na ano, na mga municipalities ang puwede pong gumamit po no'n, Mr. President.

*[Next slide, please.]*

Sir, as of October, nasa --- na-report na po ito, 46 million doses na po ang ating na-administer with 24.5 million Filipinos already received the first dose and almost 22 million are now fully vaccinated from our targeted population.

Sir, we have enough supply kasi ang atin pong stockpile sa ngayon is 31 million doses. Ito pong 31 million doses pong ito more than one and a half month po natin gagamitin po iyan.

And then we'll recalibrate po 'yung vaccination program po natin and also we will modify our critical timelines in consideration of the following: our experience with the different variants, nakatikim po tayo ng Delta at saka po 'yung UK variant; and also sabi po ng mga expert, in order to achieve 'yung effective population protection at saka po 'yung herd immunity, kailangan po iangat po natin ng 80 to 90 percent kasi po nakita po natin even 'yung ano po, 'yung Singapore na 80 percent na po na vaccinated po, napakataas po ngayon ang kaso. Ganoon din po 'yung ano 'yung Israel na talagang nakikita natin na sila po ang unang na-vaccinate, tumaas

din po ang kaso previously. So ang recommendation po ng mga expert natin ay itaas po natin ang antas from 70 to 80 to 90 percent.

And then ang ating mga vaccine experts po ay pinapaano po namin, pinapaayos po namin 'yung real world data on the efficacy of the different vaccine kasi bibili na po tayo ng second wave na generation na vaccine this coming 2022 at gusto po nating makita 'yung listahan po ng portfolio.

And then also, in consideration of the upcoming 2022 --- 2022 national election. Nakita po natin sa US at saka sa India noong nagkaroon po ng national election po sa kanila, doon po nagkaroon talaga ng tinatawag nating superspreader.

So sa plano po natin, Mr. President, ngayon sa ano sa ating vaccination, kailangan matapos na po natin vaccinan (vaccine) --- bakunahan iyong ating mga --- mga tao. Kailangan po bago po magkaroon po ng February --- iyong election period po natin para po pagka just in case na ano na magkaroon man tayo ng violations ng ano po, at least baksinado po na lahat 'yung mga tao po natin.

Sir, ito po 'yung tinatawag nating updated National Vaccination Program, na ito po ipi-present po natin ito sa IATF. Ito po 'yung dating ano natin mga key consideration pero ngayon updated na po dito. Kasama po dito 'yung safety and efficacy ng different vaccines, 'yung current vaccine global supply, at saka 'yung current vaccines roll-out with some cities experiencing 'yung tinatawag nating inflection point. And then 'yung capacities for storage; distribution and administration; kasama rin po 'yung results and development of first wave vaccine procurement; and then 'yung emergence of different variants and reformulated boosters; and the results of scientific evaluation of the portfolio vaccines.

Ito po 'yung mga proseso na gagawin po natin at ito rin po 'yung desired outcome. So ang pinaka-desired outcome po natin nito ay talagang magkaroon po tayo ng safe and equitable, cost-effective vaccination kasama po 'yung tinatawag nating 'yung pediatric and booster vaccination at the same time pati po 'yung gen pop population po natin na gagawin po natin ngayong fourth quarter.

And then nandito rin po 'yung tinatawag nating protecting the center of gravity through "Focus and Expand" to critical cities and areas; and 'yung pinakaisang ano po natin 'yung No. 3: achievement of a better Christmas and safe election period; then later, 'yung sustainable immuni --- immunization program for Q4 2021-CY 2022; and the vaccine security roadmap.

*[Next slide, please.]*

Sir, ito po 'yung parang critical timelines po natin, parang overview lang po, ito na po 'yung ginagawa po natin ngayon. So sa ngayon nagkakaroon po tayo ng recalibration ng ating timelines.

So sa ngayon po, ang ating vaccine expert ay nag-submit na po ng bagong portfolio of brand at saka 'yung performance evaluation po nila. And then ngayon po ang DOF nag-aano po, gumagawa na po kami ng tinatawag na --- we are negotiating with four to five manufacturers to sign non-binding term sheets to lock-in the allocations of 90 million doses starting first quarter.

And then si Sec. --- si Sec. Dominguez po at saka po ang DOF is already preparing for the multilateral funding with ADB and World Bank and AIIB for P45 billion. And then ongoing na po

ang negotiation natin with 4 to 5 vaccine manufacturers. And then iyong sa deliveries po natin, ito po ang ating target for Q4, sinasabi nga po natin 100 million vaccine deliveries by end of October and also by end of December, at least mayroon na po tayong 140 to 160 million vaccines by the end of December po.

And then ang ano po natin by total ano by Q1, ang total delivery po natin kasama na po dito 'yung mga doses na from AstraZeneca, iyong para sa private sector na 8 million and also for the 6 million na --- na ano po natin --- na makukuha po natin sa J&J. For the information of the President, sir, magkakaroon na rin po kami ng signing ng J&J (Johnson & Johnson) this week, that is additional 6 million for the ano --- for the ano, for the next year vaccination po natin para at least mayroon po tayong immediate na pang ayuda doon sa ano sa ating January vaccination program.

And then nandito rin po 'yung lahat ng mga progress at saka 'yung ating mga gagawin sa Q1 at saka sa second quarter. Ang ano po natin talaga is matapos lahat bago magkaroon po ng tinatawag na May 2022 election. And also ang ano po natin dito magkaroon po tayo ng delivery ng pang third dosing by start of first quarter ng 2022.

*[Next slide, please.]*

So ito po 'yung pinaka-critical timelines po natin to reiterate the delivery of 100 million doses before the end of October 2021, and the delivery of 140 to 160 million doses before the end of the year.

On the administration side, we need to administer at least 100 million doses before the end of the year. And then we are targeting to give --- to ano to vaccinate all the targeted population before the start of the election period in February 2022.

And then for the second wave procurement, we will sign a non-binding term sheet before the end of October and we will complete the binding contracts before the end of 2022.

That's all for the vaccination program, Mr. President.

**NTF COVID-19 DEPUTY CHIEF IMPLEMENTER AND TESTING CZAR SECRETARY**

**VIVENCIO "VINCE" DIZON:** Mr. President, today in Clark, Secretary Galvez and Secretary Duque announced that we are confident that we will be able to vaccinate --- fully vaccinate at least 50 percent of our targeted population by the end of 2021.

Currently po, our fully vaccinated rate is 28 percent and we are confident that with the vaccines that have come in starting October, because of the hard work of Secretary Galvez, we will be able to meet or even exceed that target. And iyon pong sinasabi ni Secretary Galvez by February of 2022, mukha pong maaabot po natin 'yung goal natin na 70 percent fully vaccinated by February of 2022 para po pagdating po ng campaign eh safe na po 'yung ating mga kababayan. We will work hard to achieve that, Mr. President. But given the supply, I think we can do it po.

Thank you very much, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Are you through? Then, we go to Secretary Año.

**DILG SECRETARY EDUARDO AÑO:** Magandang gabi po, Mr. President; Executive Secretary Salvador Medialdea; Senator Bong Go; fellow public servants; and mga kababayan, magandang gabi po.

*[Next slide, please.]*

I-report ko lang po 'yung pinaka-update natin sa natitirang ayuda na ipinamimigay natin sa natitirang dalawang probinsiya. Sa Laguna po ay 100 percent na po tayo. Ibig sabihin po 2,714,966 beneficiaries ang nakatanggap, 2.7 billion po ang ating total na naipamigay na ayuda sa probinsiya ng Laguna.

*[Next slide.]*

So iyan po ang ating breakdown ng Laguna province, naibigay ng 100 percent. Wala pong nagsauli ng sobrang pera. Lahat po ay pinakinabangan.

*[Sunod na slide. Next slide.]*

So probinsiya naman po ng Bataan, malapit na rin pong matapos, nasa 97.95 percent, kabuuan ay 683,990 recipients ang nakatanggap. So ine-expect po natin na within the week ay matatapos na po itong Bataan. *[Next slide.]* So ito po 'yung breakdown ng mga bayan ng probinsiya ng Bataan. Anim na po --- anim na municipalities na ang nakatapos.

*[Next slide.]*

Dito naman po, Mr. President, kamakailan lamang po ay binuksan ng ating DICT ang online application sa plataporma upang magamit na natin ang tinatawag pong VaxCert PH or vaccination certification Philippines. At ayon po sa ating compliance monitoring, sa report ng ating mga LGUs, 368,386 na mga kababayan natin ang nag-apply at nakuha na po nila ang kanilang certificates, 232,289. Sa kabuuan ay 63.06 percent. Higit pa po nating payayabungin ang ating performance para tumaas po 'yung ating percentage.

Ito po ay libre ang serbisyong ito mapa-online man or satellite registration booth sa LGU offices. Madali lang ang pagpaparehistro sa VaxCert PH. Kung ikaw ay fully vaccinated na, maaaring mag-apply online. Buksan lamang ang website ng [vaxcert.doh.gov.ph](http://vaxcert.doh.gov.ph) at sundin ang mga nakalagay na panuto sa website para mabigyan ng espesyal na QR code. At kung mag-a-apply sa satellite booths sa tanggapan ng ating mga barangay, lungsod o munisipyo, siguraduhin lamang po na magdala ng LGU vaccine card at government-issued ID. Ito po ay mas madali po nating makukuha ang ating mga certificate na magagamit natin kahit tayo ay magbiyahe local man o sa international.

Iyan lamang po, Mr. President. Maraming salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you, Secretary Año. We'll go to Secretary Roque.

**PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE:** Yes, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** You have a...

**SEC. ROQUE:** Sandali lang po ang aking report at ito po ay paglilinaw lang po kung ano 'yung latest na lumabas dito sa survey na ginawa po ng SWS.

*[Next slide, please.]*

Itong inilabas po ng SWS ay tungkol po sa net satisfaction ninyo 'no. Noong Nobyembre po, ito po ay nasa +79; sa Mayo po, ito po ay +65 --- Mayo 2021; at +62 po noong June 2021.

Siyempre po maraming nagsabi, ay bumabagsak na daw ang ating net --- ang inyong net satisfaction rating 'no. Bagama't kung titingnan niyo po talaga rito, eh 'yung mga very dissatisfied naman po ay maliliit at ang very satisfied naman po ay more or less naging stable.

Pero ang dapat pong malaman ng taumbayan, itong +62 po ng June 2021 ang pinakamataas na satisfaction rating ng kahit sinong presidente matapos po ang martial law.

*[Next slide, please.]*

So, pero ito muna po 'yung net satisfaction ratings ng mga presidente sa Pilipinas 'no. Kung makikita niyo po, ang net satisfaction rating niyo po ay more or less stable po siya 'no, +64, +63, so hindi naman po siya bumababa talaga sa 60. *[Next slide, please.]* At ang 60 po, kahit anong basehan, ito po ay very good 'no.

*[Next slide, please.]*

So ito po 'yung comparison sa mga net satisfaction rating ng lahat ng mga presidente. Simulan po natin sa kaparehong period po ng panahon. So kinukumpara lang po natin 'yung net satisfaction rating niyo doon sa satisfaction rating ng ibang mga presidente mahigit kumulang isang taon bago po matapos ang kanilang termino.

Si Presidente Corazon Aquino po, noong April 1991 ay +24; si Presidente Fidel Ramos po ay +49; wala pong datos para kay Presidente Estrada dahil hindi nga po niya natapos ang kanyang termino; si Presidente Gloria Arroyo po ay nasa -31; at si Presidente Noynoy Aquino po ay +30. So kung makikita niyo po, unprecedented pa rin po 'yung +62 niyo na mahigit isang taon bago po matapos ang inyong termino. *[applause]*

*[So next slide, please.]*

So iyon lang po ang aking report. Bagama't sinasabi po nila na bumaba daw ang satisfaction rating, they conveniently forgot na bagama't ang 62 po ay mas mababa sa 72, ito po ay very good pa rin and it is unprecedented for any president.

Iyon lang po, Mayor. Magandang gabi po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you, Secretary Roque. Thank you for the figures. It's still good but I think it's time. There's always a time for everything. Even if you get a 64 rating, may panahon-panahon ang buhay. So sa palagay ko, tama 'yung ginawa ko.

Si Karlo muna, Secretary Nograles. You...

**CABINET SECRETARY KARLO ALEXEI NOGRALES:** Yes, magandang araw po, Mr. President; Senator Bong Go; mga kasamahan natin sa Gabinete.

Maikling presentasyon lamang po sa mga major accomplishments ng inyong Philippine Coconut Authority or PCA. Alam naman po natin na mahalaga na patuloy 'yung serbisyo natin at pag-aalaga natin sa sektor ng mga coconut farmers dito sa ating bansa.

Ang PCA po siya 'yung inatasan na mag-promote ng rapid integrated development and growth ng coconut and other oil palm industry, and to ensure that coconut farmers become direct participants and beneficiaries of growth and development.

*[Next slide.]*

So under your administration, Pangulong Duterte, kayo po ang gumawa nitong napakalaking tulong sa ating mga coconut farmers. Ang pagsasa --- pagsasabatas ng Republic Act 11524 or 'yung Coconut Farmers and Industry Trust Fund Act. Ito po ay dekada na pong hinihintay ng ating mga coconut farmers. It is only under your administration na magiging reality po ito.

Dahil sa Republic Act 11524 ay mina-mandate po na magkaroon na ng roadmap itong Coconut Farmers' and Industry Development Plan din po ay kailangang gawin para malaman po kung paano gamitin 'yung pera dito para sa benefit ng ating mga coconut farmers.

Kasama rin po diyan 'yung pag-update at verify ng registry system ng mga farmers natin, coconut farmers. So based sa National Coconut Farmers' Registry System, out of 2,524,267 farmers sa 2018 NCFRS database, na-update na po ang 85 percent at nakapagrehistro na po ng additional 585,322 new coconut farmers. So ang total na po sa registry is 3,109,589 at patuloy pa rin po 'yung verification ng mga farmers na ito.

*[Next slide.]*

Sa mga projects po ng PCA na patuloy na ginagawa, isa na po dito 'yung Coconut Hybridization Project. Ito po 'yung number of hybrid planting materials distributed - 1,531,956, while 'yung open-pollinated varieties naman po na planting materials distributed ay 2,307,330.

